# C H A N G I N G   P A R T N E R S

Isang Dulang Ganap ang Haba

**SYNOPSIS**

Ang “Changing Partners” ay magsisimula sa unang taon ng relasyon ni ALEX at CRIS. Kahit mayroong labinlimang taong agwat sa kanilang edad makikitang sila ay nag-iibigan at komportable sa kanilang relasyon. Pagkatapos ng anim na taong pagsasama makikita ang pagtabang ng kanilang relasyon dahil sa mga nagkapatong-patong na *issues* na hindi napag-uusapan hanggang sa ito’y bigla na lang pumutok isang gabi.

Ang dulang-musikal na ito ay tungkol sa isang relasyon --- ang relasyon ni **ALEX** at **CRIS** --- ngunit ipapakita sa pananaw ng apat na gender couples.

Apat na artista ang magsisiganap. Si **ALEX** ay **iisang tao lamang** pero gagampanan ng isang mas matandang straight na babae na magiging mas matandang lesbian; at isang mas matandang straight na lalaki na magiging mas matandang bading sa pagpalit ng mga eksena. Si **CRIS** ay **iisang tao rin** pero gagampanan ng isang mas batang babae na magiging mas batang lesbian; at isang mas batang lalaki na magiging mas batang bading sa pagpalit ng mga eksena.

## **M G A  T A U H A N :**

## **ACT ONE:**

**PARTNERS ONE: STRAIGHT COUPLE**

**ALEX 1 – straight na babae, 39 years old**

**CRIS 1 – straight na lalaki, 24 years old**

## **ACT TWO:**

**PARTNERS TWO: LESBIAN COUPLE**

**ALEX 2 – parehong babaeng artista sa *Partners One* pero magiging lesbian, tatanda ng 45 years old makalipas ang limang taon na pagsasama**

**CRIS 2 – panibagong artista, babaeng lesbian, 30 years old makalipas ang limang taon na pagsasama**

**PARTNERS THREE: STRAIGHT COUPLE**

**ALEX 3 – panibagong artista, straight na lalaki, 45 years old pa rin**

**CRIS 3 – parehong artista sa *Partners Two* pero magiging straight na babae, 30 years old pa rin**

**PARTNERS FOUR: GAY COUPLE**

**ALEX 4 – parehong artista sa *Partners Three* pero magiging bading, 45**

**years old pa rin**

**CRIS 4 – parehong artista sa *Partners One* pero magiging bading, 30 years old pa rin**

## A C T   O N E :

**PARTNER ONE: STRAIGHT COUPLE**

**ALEX 1 – straight na babae, 39 years old**

**CRIS 1 – straight na lalaki, 24 years old**

**PANAHON: Limang taon na nakaraan**

*(Tutugtog ang piano ng isang maiksi at masayang overture. Magliliwanag ang ilaw. Galing sa isang party, masayang nagtatawanan sina ALEX 1 at CRIS 1 habang papasok sa loob ng condo unit. Sila ay isang straight May-December coupl --- mas matanda si ALEX 1 at mas bata si CRIS 1. Uupo sa sofa si CRIS 1, pagod, habang si ALEX 1 naman ay pupunta sa refrigerator upang uminom ng tubig. Nakainom na ang dalawa.)*

ALEX 1:

Sa dami nang nainom kong wine, parang gusto kong uminom ng dalawang galong mineral water. Cris, you want water?

CRIS 1:

Hot tea na lang, please.

ALEX 1:

*(Kukuha ng mug at maglalagay ng hot water mula sa dispenser. Bubuksan ang kitchen cabinet.)* Merong ditong Lipton Tea… tsaka Sheng Dao Tea.

CRIS 1:

Yung Lipton na lang. *(Matatawa.)* Grabe. Paano mo naging tropa yung mga yun?

ALEX 1:

Bakit naman?

CRIS 1:

Ibang-iba ka sa kanila. Super lakas nilang mang-asar sa atin.

ALEX 1:

Makukulit lang talaga sila. But I love them. They’re well-meaning people.

CRIS 1:

At grabe makatingin sa akin yung Vangie. Pakiramdam ko type niya ako.

ALEX1:

*(Matatawa.)* Wow naman, Cris. Yan ang gusto ko sa iyo, eh. Such confidence.

CRIS 1:

*(Magtatanggal ng sapatos.)* Hindi nga! Pagdating pa lang natin, tingin na siya nang tingin sa akin. Pasulyap-sulyap. Ang obvious kaya!

ALEX 1:

She was probably harmlessly checking you out.

CRIS 1:

Yuck. Ang tanda na kaya niya.

ALEX 1:

Aray ko naman! Magka-edad lang kami.

CRIS 1:

Pero mas mukha siyang tanders. Siguro maraming problema sa buhay.

ALEX 1:

Well, she's been through a lot lately. She had a boyfriend… si… what's his name? Tyrone? Byron? Anyway, the guy was 12 years younger than Vangie. Unfortunately, after three years iniwan din siya nung Tyrone or Byron or whatever his name is for another girl. *(Titingin kay CRIS 1.)* A much younger girl.

CRIS 1:

Grabe naman. Kupal nun ah. Hindi na naawa sa matanda.

ALEX 1:

Nabuntis niya kasi yung younger girl.

CRIS 1:

Pucha. Bad trip! Basta ako, hindi kita iisplitan. Kahit sixty years old ka na, andito pa rin ako.

ALEX 1:

Sixty lang?

CRIS 1:

Sixty, seventy, eighty, ninety… kahit one hundred years old ka na… hindi kita iiwan. Kahit naka-wheelchair ka na, kahit naka-adult diapers ka na --- super peks man, hindi ako mawawala sa tabi mo.

ALEX 1:

Naks naman. Ang husay mambola.

CRIS 1:

Hindi naman. Sakto lang. Na-compute ko na eh. Pag sixty ka na, forty-five na ako. Pag seventy ka na, fifty-five naman ako. Pag eighty ka na…

ALEX 1:

Tama na. You don't have to state the obvious!

CRIS 1:

Lolz.

ALEX 1:

Lolz? You actually use 'Lolz' while talking? Akala ko sa text o chat lang yan ginagamit. *(Iinom ng tubig.)* Si Nina, yung naka-red dress sa dinner, bumulong sa akin kanina and she asked me kung pamangkin daw ba kita. Sabi ko "Meron bang pamangkin na inaakbayan ako bewang?" Fishing.

CRIS 1:

Wala naman yan sa edad, Babe. Ang importante, labs kita at labs mo ako.

ALEX 1:

Kahit mapagkamalan tayong mag-tita o mag-ina?

CRIS 1:

Kung mommy kita, ibig sabihin fifteen years old ka pa lang noong ipinanganak mo na ako? Tsaka wala naman sa hitsura mong thirty-nine ka na.

ALEX 1:

*(Matatawang tatakpan ang bunganga ni CRIS 1.)* Shhhh. Ano ba? You never talk about a lady's age.

CRIS 1:

Ooops! *(Ngingiti si CRIS 1. Malambing na hahalikan ni ALEX 1 si CRIS 1 sa noo.)* Ay! Sa noo siya humalik. Halik-Tita! Tita Alex! Auntie Alex! Tsang Alex!

*(Tatawa at tatakbo si CRIS 1. Hahabulin siya ni ALEX 1. Maghaharutan ang dalawa. Masasagi ni CRIS 1 ang mug ng tsaa na ginawa ni ALEX 1 na nakapatong sa dining table. Mahuhulog ang mug sa sahig.)*

CRIS 1:

Ayan… nabasag tuloy. Nanghahabol ka kasi.

ALEX 1:

*(Pupulutin ni ALEX 1 ang mug.)* Hindi naman nabasag. Pero may crack na.

CRIS 1:

Huwag mong itapon! *(Kukunin ang mug mula kay ALEX 1.)*

ALEX 1:

May lamat na. Pag may lamat na, dapat itinatapon na.

CRIS 1:

Favorite mug ko yan, Babe.

ALEX 1:

Cris, baka masugat pa ang labi mo.

CRIS 1:

Hindi ko iinuman. Lalagyan ko na lang ng mga toothbrush sa banyo.

ALEX 1:

Malas daw yang nagtatago ng mga baso o pinggan na merong lamat.

CRIS 1:

Sus. Naniniwala ka dun? *(Papasok ng banyo si CRIS 1 upang itabi ang mug.)*

ALEX 1:

Wala namang masama kung maniwala sa kasabihan. *(Bubuksan ni ALEX 1 ang TV. Uupo sa sofa.)* Babe, ngayon ba yung replay ng Glee?

CRIS 1:

Malay?!

ALEX 1:

Malay? Pero lahat ng schedule ng mga animé kabisado mo.

CRIS 1:

Mahilig talaga kaming mga millenules ang animè.

ALEX 1:

*(Matatawa.)* Millennials!

CRIS 1:

Millennials nga. Ano bang sabi ko?

ALEX 1:

Millenules.

CRIS 1:

Hindi kaya.

ALEX 1:

Millenules ang sinabi mo. *(Matatawa ulit.)* Dinig na dinig ko. Magkatabi lang tayo.

CRIS 1:

*(Tatahimik. Mapipikon. Magmumukmok sa kusina. Pabulong.)* Eh di millenules na kung millenules. Pasensiya na. Tao lang.

ALEX 1:

Oh, Babe? Pikon agad?

CRIS 1:

Kinorek mo na nga ako, tumatawa ka pa.

ALEX 1:

Ito naman. Nagbibiro lang. *(Lalapitan niya si CRIS 1 pero lalayuan siya.)* Babe. *(Katahimikan. Uupo sa sofa si CRIS 1 at pipindutin ang remote.)*

CRIS 1:

*(Makikita ang channel ng Glee.)* Oh. Ayan na ang Glee mo. Kakasimula lang.

*(Uupo si ALEX 1 sa tabi ni CRIS 1.)*

ALEX 1:

Sorry na, Babe. *(Hahalikan ni ALEX 1 si CRIS 1 sa labi. Ngingiti si CRIS 1 at hihiga sa hita ni ALEX 1. Manonood sila ng Glee. Aawit silang dalawa.)*

***SONG 01: MADALING MAGSALITA***

***ALEX 1:***

***Parang ngayon lang nagdalaga***

***Ang lakas makakilig, nakakagaga***

***Ang kanyang ngiti***

***Ako'y kinikiliti***

***Kinukurot-kurot aking pisngi.***

***Alam ko'ng iniisip ng iba***

***"Di man lang naghanap ng sintanda niya"***

***Madaling magsalita***

***Ngunit pag nariyan na***

***Mahirap nang hindi habulin pa.***

***Naririnig ko ang bulung-bulungan***

***Hindi ko na pansin usap-usapan***

*Sabihin na nilang lahat*

*Ako ang lumapit at naghabol*

*Sa isang bente-kuwatro anyos ako'y nauulol*

*CRIS 1:*

*Papunta pa lang ako, pabalik na siya*

*Sa gitna ng biyahe doon kami nagkita*

*Labin-limang taon*

*Ang pagkakataon*

*Hindi namimili ng sinuman.*

*Alam ko'ng iniisip ng iba*

*"Di man lang naghanap ng sintanda niya"*

*Madaling magsalita*

*Ngunit pag nariyan na*

*Mahirap na pakawalan ko pa.*

*Naririnig ko ang bulung-bulungan*

*Hindi ko na pansin usap-usapan*

*Sabihin na nila'ng lahat*

*Ako ang sinundan at niligawan*

*Sa isang trenta'y-nuwebe anyos ang aking kasintahan.*

***ALEX 1:***

***Siya ay tag-sibol***

***At ako daw ay tag-lagas***

***O tag-lamig***

***O weno naman ngayon?***

***CRIS 1:***

***Alam ko'ng iniisip ng iba***

***Isipin na nila'ng gusto nila***

***ALEX 1:***

***Madaling magsalita***

***Ngunit pag nariyan na***

***Mahirap nang palagpasin***

***Hulihin na.***

*(Matatapos ang awit.)*

CRIS 1:

*(Sisimangot.)* Parang tanga naman yang show na yan. Biglang na lang silang kumakanta. Pag masaya sila, kakanta. Pag malungkot sila, kakanta. Weh. Wala namang ganyan sa totoong buhay.

ALEX 1:

Kaya nga tinawag na musical. Sa mga animè mo nga lahat sila merong super powers. Wala namang may super powers in real life.

CRIS 1:

Ako merong super power --- ang ka-pogi-an ko. *(Tatawa.)* Babe, may gagawin ka ba bukas? After lunch?

ALEX 1:

Wala naman.

CRIS 1:

Ihatid mo naman ako sa Greenhills. Magkikita kami ng tropa ko.

ALEX 1:

Sinong tropa?

CRIS 1:

Yung classmate ko dati sa Immaculate. Si Angel.

ALEX 1:

Ah, yung guy na laging naka-tambay sa bahay niyo noon?

CRIS 1:

Hindi. Si Ambok yun. Si Angel --- babae. Nagyayang manood si Angel ng *G.I. Joe: Rise of the Cobra.*

ALEX 1:

Bakit kayong dalawa lang? Sama naman ako. Wait! *Julie & Julia* na lang ang panoorin natin. Treat ko kayo.

CRIS 1:

*G.I. Joe* na yung napag-usapan namin ni Angel, Babe. Tsaka maaasiwa yun sa iyo. Lakad-tropa kasi. Nagpapasama din kasi siyang bumili ng Adidas sa Shoppesville. Yung mga peke.

ALEX 1:

Yung mga Class A?

CRIS 1:

Class A? Pinaganda mo pa. Peke! Ka-canvass na rin ako ng mga bagong labas ng Nike. Mura lang naman. Isanlibo lang. Kasi nga japeyks. *(Saglit.)* Wala pa nga akong totoong Nike. Puro pekenis.

ALEX 1:

Bakit? Magkano ba ang original na Nike?

CRIS 1:

*(Bubuwelo.)* Yung kursunada kong Air Max Lebron 7… nasa P12,000.

ALEX 1:

My God! Twelve thousand for a pair or rubber shoes?

CRIS 1:

Mahal talaga ang LeBron. Kaya nga kuntento na lang ako sa mga japeyks. Matibay din naman. Umaabot din ng isang taon bago masira.

ALEX 1:

*(Mag-iisip.)* Next weekend. manood tayo ng *Julie & Julia.* Then after the movie let's pass by Nike. Yung totoong outlet. I'll buy you your Jordans.

CRIS 1:

Lebron, Babe! Hindi Jordan.

ALEX 1:

O di LeBron na kung LeBron! Malay ko ba diyan.

CRIS 1:

Woohoo! Salamat, Babe! Thank you! Thank you! *(Hahalikan si ALEX 1. Masayang papasok sa banyo. Kakanta.)* "May Nike na akong orig. May Nike na akong orig!"

ALEX 1:

Huwag kang masanay sa mga ganyang sapatos ha. It’s too expensive.

CRIS 1:

*(Magsasalita habang nasisipilyo.)* Pag nakahanap na ako ng raket, babayaran din kita. Promise.

ALEX 1:

Huwag na. Gift ko na yan sa iyo. Nga pala, I forgot to tell you… I spoke with Marvin, our GM. Mukhang meron nang opening sa company namin.

*(Katahimikan.)* Cris? Did you hear me?

CRIS 1:

Yes, Babe! Salamat! Anong trabaho?

ALEX 1:

Baka sa marketing department. Follow up ko siya sa Monday.

CRIS 1:

Baka college graduate ang kailangan diyan. *(Lalabas ng banyo.)*

ALEX 1:

Wala namang ganoong requirement.

CRIS 1:

Thank you, Babe! *(Yayakapin ni CRIS 1 si ALEX 1 mula sa likuran ng sofa. Masisilip ni CRIS 1 ang palabas na Glee sa TV.)* Parang tanga lang talaga sila, ano?. Kumakanta pa rin sila hanggang ngayon? Sige, Babe, sleep na ako. Good night, Babe!

ALEX 1:

Good night. *(May maaalala.)* Babe, let's leave early tomorrow. Around 9am?

CRIS 1:

Okay. Mas maganda para hindi maghintay nang matagal sa Greenhills si Angel. Baka mainip yun.

ALEX 1:

I want to buy you some plants sa Seedling Foundation bago kita ihatid sa Greenhills. Puwede mong ilagay sa veranda o dito sa living room para magkabuhay naman ang atmosphere dito. Alagaan mo yung mga plants ha. May green thumb ka ba?

CRIS 1:

Green thumb?

ALEX 1:

I mean… magaling ka bang mag-alaga ng plants?

CRIS 1:

Hindi masyado. Pero susubukan ko.

ALEX 1:

*(Saglit.)* Can I meet her tomorrow?

CRIS 1:

Sino?

ALEX 1:

Si Angel.

CRIS 1:

Mahiyain yun. Hindi yun magsasalita.

ALEX 1:

She doesn’t have to talk. I just want to meet her.

CRIS 1:

*(Mag-iisip.)* Sige. Sabihin ko sa kanya kung okay sa kanya. *(Papasok sa kuwarto.)*

ALEX 1:

Happy first anniversary, Babe.

CRIS 1:

*(Babalik upang yakapin si ALEX 1 mula sa likuran.)* Mali. Dapat “Happy twelve-monthsary, Babe!” *(Hahalikan sa pisngi si ALEX 1. Magyayakapan ang dalawa. Magdidilim ang ilaw.)*

## ACT TWO:

**PARTNERS TWO: LESBIAN COUPLE**

**ALEX 2– parehong artista sa Couple One ngunit magiging lesbian, tatanda ng 45 years old**

**CRIS 2 – panibagong babaeng artista, mas batang lesbian, 30 years old**

**PANAHON: Makalipas ang limang taon**

*(Tutugtog ang piano. Magliliwanag ang entablado. Makikita natin si ALEX 2 at CRIS 2, mula straight couple sila ay magiging lesbian couple ngunit sila pa rin ang parehong relasyon na nakita natin sa ACT ONE --- nag-iba lang ng gender. Nanonood ng TV si ALEX 2, umiinom ng beer at kumakain ng pizza. Katabi niya CRIS 2, nakabalot ng kumot, sinisipon at may nakasubong thermometer sa bibig.)*

ALEX 2:

Alam mo nang masama ang panahon --- tumuloy ka pa rin.

CRIS 2:

Alangan namang mag-cancel ako. Dyahe sa barkada.

ALEX 2:

Sino ba yang barkada ba yan? *(Hindi sasagot si CRIS 2.)* Sino ba yang barkada na yan, Cris?

CRIS 2:

Marami kami.

ALEX 2:

I did not ask kung marami ba kayo o konti kayo. Ang tanong ko --- “Sino bang barkada na yan?”

CRIS 2:

*(Uubo.)* Ako. Si Grace. Si Dianne. Si Angel.

ALEX 2:

Apat? Ang sabi mo marami kayo. Paano naging marami ang apat? *(Walang sagot.)* Buti nagkasya kayong lahat sa tent? Pandalawahan lang yong dala mong North Face tent.

CRIS 2:

May isa pang dalang tent si Angel.

ALEX 2:

Tig-dalawa kayo sa loob ng bawat tent? *(Hindi sasagot si CRIS 2. Uulitin ang tanong. Mas mariin.)* Cris… bale, tig-dalawa kayo sa loob ng bawat tent?

CRIS 2:

Oo nga. Dalawahan nga. Magkasama kami ni Grace. Si Angel at Dianne sa kabilang tent.

ALEX 2:

Magsyota sina Grace at Dianne tapos hindi sila magkasama sa tent? *(Kukunin ni ALEX 2 ang thermometer sa bibig ni CRIS 2. Titingnan ni ALEX 2 ang thermometer.)*

CRIS 2:

Bumaba na ba?

ALEX 2:

Fifty-five degrees celsius.

CRIS 2:

Mababa na ba yun?

ALEX 2:

Diyos ko naman, Cris. Ini-stir lang kita. Kung fifty-five degrees Celsius yan, naprito na ang utak mo. Thirty-eight na lang. *(Ilalagay ang thermometer sa pouch sa center table.)* Buti pumayag si Dianne at Grace na magkahiwalay ng tulugan?

CRIS 2:

Sabi ko hindi naman sila mamamatay kung hindi sila magkatabi ng isang gabi. Ayun, pumayag naman sila. Ang likot matulog ni Grace. Grabe! Humihilik pa.

ALEX 2:

Humihilik si Grace? Sa liit niyang yon?

CRIS 2:

Hay, naku. Super napakalakas. *(Tititigan ni ALEX 2 ang mga mata ni CRIS 2. Aawit si ALEX 2.)*

***<u>SONG 02: NAKATITIG LANG SIYA SA AKIN</u>***

***ALEX 2:***

***Kung di mo siya kilala***

***Madali kang maniniwala***

***Sa mga kuwento niyang akala mo'y totoo.***

CRIS 2:

Kahit naka-earphones na ako naririnig ko pa rin ang hilik niya. Maroon 5 na ang pinakikinggan ko nun ha! Grabe, ang lakas talaga.

***ALEX 2:***

***Madalas kong binabantayan ang mga mata niya***

***Kung saang banda siya tumitingin***

***Kung sa kaliwang pataas daw --- nagsasabi ng totoo***

***At kung sa kanang pataas naman --- ika'y tinatarantado.***

CRIS 2:

Tapos merong pumasok na gagamba sa loob ng tent. Oo. Parang tarantula.

ALEX 2:

Tarantula. Sa Tagaytay?

CRIS 2:

Oo. Basta, malaki. Grabe pala ang phobia ni Grace sa gagamba. Super.

***ALEX 2:***

***Pero nakatitig lang siya sa akin***

***Ang paningin niya'y nakapako lang sa akin***

***Di bumabaling sa kanan o sa kaliwa***

***Kung di mo siya kilala***

***Madali kang maniniwala sa kanya.***

CRIS 2:

Kaya tumakbo siya palabas ng tent, nagsisisigaw. "Putang ina, Cris! Patayin mo yang gagambang yan kung hindi --- dito ako matutulog sa labas!" *(Matatawa.)*

***ALEX 2:***

***Anim na taon ko na siyang kasama***

***Siya'y kilalang-kilala, kabisado ko na***

***Kahit minsan di siya nadulas***

***Ang bawat detalye ng kuwentong kanyang ipinalabas***

***Naaalala niya***

***Lahat naaalala niya.***

CRIS 2:

May nahanap akong patpat. Napatay ko naman yung gagamba. Sobrang laki. As in. Kasing laki ng kamay ko. Tsaka lang ulit pumasok sa tent si Grace nung ipinakita ko sa kanya na patay yung gagamba. Pinasunog pa nga niya sa akin.

ALEX 2:

Umuulan nang malakas. May bagyo. Paano mo nasunog yung gagamba?

CRIS 2:

Ahh. Pahinto-hinto naman yung ulan. Pabugso-bugso lang.

***ALEX 2:***

Wow. Amazing.

***Nakatitig lang siya sa akin***

***Ang paningin niya'y nakapako lang sa akin***

***Di bumabaling sa kanan o sa kaliwa***

***Kung di mo siya kilala***

***Madali kang maniniwala...***

*(Matatapos ang awit.)*

CRIS 2:

Kung sumama ka sana sa camping, hindi ka na tanong nang tanong.

ALEX 2:

Kung libre ako, sumama ako.

CRIS 2:

Lagi ka namang hindi sumasama, Babe.

ALEX 2:

Lagi? Not ever? Not even once? Ganoon ka-absolute?

CRIS 2:

Madalas. Madalas hindi ka sumasama.

ALEX 2:

Ayun. MADALAS. Magkaiba ang LAGI sa MADALAS. At paano naman po ako makakasama? Nagplaplano ka ng mga lakad kapag weekdays. May trabaho ako. Siyempre kailangang merong magtrabaho sa ating dalawa.

CRIS 2:

Oo na. Oo na. Sa tingin mo ba gusto kong walang trabaho? Pag natuloy yung racket na nilutuluto namin, ako ang magiging project coordinator. Mababayaran ko na ang mga utang ko sa iyo.

ALEX 2:

Gusto kitang makahanap ng trabaho para maging productive ka, hindi dahil sinisingil kita ng utang. Hindi healthy para sa isang tao ang walang ginagawa. An idle mind is the devil’s playground.

CRIS 2:

Bakit may devil agad? Ano’ng patama na naman yan, Alex?

ALEX 2:

Hindi ako nagpapatama. It’s just an expression.

CRIS 2:

Sa tingin mo ba hindi ko alam na iniisip ng mga kaibigan mo na kargo mo lang ako? Na umaasa na lang ako sa iyo?

ALEX 2:

Pasalamat ka nga at nandito ako. Sino pa ba ang sasalo sa iyo?

CRIS 2:

Medyo nagi-guilty na nga ako. Cable at wifi na nga lang ang toka ko dito, hindi ko pa mabayaran. Pasensiya. Wala talaga akong pera.

ALEX 2:

Toka mo ring diligan yung mga halaman. Hindi kailangan ng pera sa pagdidilig pero hindi mo rin naman ginagawa. Regalo ko pa naman sa iyo lahat ng mga plants na yan. *(Tatayo si CRIS 2.)* Saan ka pupunta?

CRIS 2:

Didiligan na po ang mga halaman.

ALEX 2:

Kahit lunurin mo pa sila ng tubig ngayon hindi na sila mabubuhay. Tuyot na.

CRIS 2:

Malay mo puwede pa?

ALEX 2:

Patay na. Hindi mo mabubuhay ang patay na. Halaman na nga lang hindi mo pa maalagaan.

CRIS 2:

Sinabi ko naman sa iyo na hindi ako magaling mag-alaga. Bibili na lang ako ng mga bagong plants pag nagka-pera na ako. Malakas ang feeling ko na makukuha namin itong racket na ito.

ALEX 2:

Alam mo ba kung anong ibig sabihin ng racket? *(Itatapon sa basurahan ang pizza box at kukuha ng beer sa ref.)*

CRIS 2:

Sideline.

ALEX 2:

Anong sideline? Ang ibig sabihin ng racket --- SCAM. FRAUD. Illegal na trabaho. Krimen. Kaya umiiwas sa iyo ang grasya kasi tinatawag mong “racket” ang trabaho.

CRIS 2:

O di tawagin nating sideline. Diskarte. Ano pa ba ang gusto mong itawag ko para mas lalapitan ako ng grasya?

ALEX 2:

Sino na naman ba ang kasama mo diyan sa sideline na iyan? *(Hindi sasagot si CRIS 2.)* Don't tell me si Angel na naman?

CRIS 2:

Tumutulong lang yung tao.

ALEX 2:

Bakit ba lagi kayong magkasama lately? Dati naman hindi.

CRIS 2:

Madalas kasing mag-practice yung church choir ngayon kasi merong fund-raising concert sa isang buwan.

ALEX 2:

Nagsisimba ka ba para kay Lord --- o para kay Angel?

CRIS 2:

Grabe ka naman, Alex. Pati si Angel pag-iisipan mo nang masama? Bawal na akong magkaroon ng friend ngayon?

ALEX 2:

Bakit hindi si Dianne o si Grace ang gawin mong BFF?

CRIS 2:

Grabe. Pati sa friends ko kailangang meron kang approval?

ALEX 2:

Delikado yang nagpapasok ka ng lalaki sa circle natin.

CRIS 2:

Matagal ko na siyang barkada. Ngayon mo lang ako pagbabawalan? Ang liit na nga ng mundo ko, mas pinaliliit mo pa.

ALEX 2:

Hindi maliit ang mundo natin, Cris. Pinipili ko lang ang mga taong pinakikisamahan natin. *(Hihinga nang malalim.)* Look… yung syota ni Mayen, si Mai-mai, nasalisihan nung kupal na kuya ni Mayen --- yung dumating galing Saudi. Ayun, nabuntis ng kuya ni Mayen si Mai-mai. Syota ng sarili niyang kapatid, tinalo. Animal. Sayang, eight years na sana sina ni Mayen at Mai-mai.

CRIS 2:

Ibahin mo ako kay Mai-mai.

ALEX 2:

Nag-iingat lang ako. Ibang klaseng trumaydor ang mga lalaki. *(Magbubukas ng bagong beer.)* Yang kupal na Angel na yan --- kursunada ka niyan noon pa.

CRIS 2:

Ano ka ba, Babe?

ALEX 2:

Niligawan ka ba niya?

CRIS 2:

Hindi ‘no?

ALEX 2:

Straight na lalaki, kaibigan mo since college, ni minsan hindi ka pinormahan?

CRIS 2:

Hindi nga. Ikaw ang nanligaw, ikaw ang sinagot ko. Ano pa ba ang gusto mo? Kahit alam kong itatakwil ako ni mommy, ikaw pa rin ang sinagot ko.

ALEX 2:

So you’re telling me you’re suffering because it was me you chose?

CRIS 2:

Ano ba? Sinasabi ko lang na ikaw ang pinili kong pakisamahan. *(Hahalik kay ALEX 2.)* Si Angel, wala --- kaibigan ko lang. Umarya na naman yang pagka-macho mo. Huwag mong sabihing na-thre-threaten ka sa pagkalalaki niya?

ALEX 2:

Huwag na huwag mong isusumbat sa akin ang pagkalalaki nung kumag na yun. I have much bigger balls than him. Tingnan mo nga, hanggang ngayon ni wala siyang maayos na trabaho. Umaasa pa rin siya sa mga delihensiya niyang pulpol. Ayan. Pati ikaw parang nahahawa na rin sa kanya. Tigilan mo na yang kakadikit mo sa kupal na yan.

CRIS 2:

Anong gusto mong gawin ko? Hindi ko tanggapin yung alok niya? Sayang naman.

ALEX 2:

Ano ba ang alok niya?

CRIS 2:

Racket nga!

ALEX 2:

Trabaho! Trabaho! Huwag mong tawaging racket!

CRIS 2:

Oo na. Trabaho! Trabaho! Trabaho!

ALEX 2:

Trabaho lang ba talaga ang alok niya?

CRIS 2:

Ano pa ba ang iaalok niya? O.A. ka naman. Kung tinutulungan mo sana akong makapasok sa company niyo.

ALEX 2:

Cris, naipasok na kita noon pero anong nangyari? Ang simpleng pag-update ng client data sa computer hindi mo pa natapos.

CRIS 2:

C.O.O. ka. Tapos ako nasa basement lang. Nag-e-encode ng data sa PC na bulok. Hindi man lang Mac.

ALEX 2:

Ikaw pa ang choosy? Bakit? Ano ba ang natapos mo? May skill ka ba?

CRIS 2:

Sige, ipahiya mo pa ako.

ALEX 2:

Ipahiya kanino? Meron bang ibang nakakarinig sa atin? Tayong dalawa lang naman ang nandito.

CRIS 2:

Kahit na. Konting pasintabi naman.

ALEX 2:

Porket syota mo ako, gusto mo sa itaas ka agad magsimula?

CRIS 2:

Nakakainsulto kasi yung binigay niyong work.

ALEX 2:

Ano ba ang trabaho mo as 'project coordinator' diyan sa pipitsuging events company ng BFF Angel mo? Di ba inuutusan ka lang namang bumili ng kung

anu-anong abubot sa Divisoria? Sumasakay ka ng tricycle habang kahon-kahon ang bitbit mong figurines ng mga angels na gawa sa escayola? Hindi ka naiinsulto dun?

CRIS 2:

Ginagamit namin ang kotse niya.

ALEX 2:

Ayun! Di lumabas din ang totoo! *(Galit na tatayo si ALEX 2. Itatapon ang lata ng beer sa basurahan.)* Ang sweet niyo naman! Ano? Pinagsisibak ka rin ba niya ng kahoy? Pinag-iigib ka rin ba niya ng tubig sa balon? Hanep din kayo, ano?

CRIS 2:

Ano ka ba, Babe? Trabaho yun.

ALEX 2:

Putragis naman, Cris! Hindi ka ba nag-iisip? Ke babae mong tao! Kung kani-kaninong lalaki ka nagpapakaladkad. Kung maka-kerengkeng ka mas masahol ka pa sa chipanggang bakla. May syota ka na, huy! Hindi ka na nahiya!

CRIS 2:

Hindi ako kerengkeng! Alex! Babe! Masyado kang praning! Walang nangyayari

sa amin! Walang nangyayari sa amin ni Angel. *(Papasok sa kuwarto si ALEX 2. Aawit si CRIS 2.)*

***<u>SONG 03: SA MGA SALITA PA LAMANG NIYA</u>***

***CRIS 2:***

***Sa mga salita pa lamang niya***

***Ang dali niya akong maliitin***

***Sa mga salita pa lamang niya***

***Kayang-kaya niya akong durugin.***

***Magkahalong takot at kaba***

***Ang nararamdaman***

***Sa anino niya'y hindi ako nasisikatan ng araw***

***Wala akong araw.***

***Ang bawat kibot ko laging binabantayan***

***Ano mang gawin ko laging may kulang.***

***Nakatanghod sa kanya hindi kami pantay***

***Sa palad niya ako'y hinihimay.***

***Sa mga salita pa lamang niya***

***Ako'y pinapasa***

***Sa mga salita pa lamang niya ay kayang-kaya niya akong durugin.***

*(Matatapos ang awit. Magpapalitang ng partners.)*

---

**COUPLE THREE: STRAIGHT COUPLE**

**ALEX 3 – panibagong artista, straight na lalaki, mananatiling 45 years old**

**CRIS 3 – parehong artista sa *Partners Two*, magiging straight na mas batang babae, mananatiling 30 year old**

*(Galit na lalabas ng kuwarto si ALEX 3, isang straight male. Magiging straight couple ang dalawa ngunit pareho pa rin ang kuwentong ating sinusundan. Nagsusuot ng jacket si ALEX 3.)*

CRIS 3:

Saan ang punta mo, Babe? Alex! Saan ang punta mo?

ALEX 3:

Iinom lang ako sa labas.

CRIS 3:

Umuulan pa rin.

ALEX 3:

Nasaan yung payong kong black?

CRIS 3:

Ganyan naman kayong mga lalaki. Mahilig mag-walkout pag galit.

ALEX 3:

Nasaan yung payong, Cris? Yung malaki na pang-golf? *(Saglit.)* Nawala mo na naman?

CRIS 3:

Bibili na lang ako ng bago.

ALEX 3:

Puro ka bibili ng bago, bibili ng bago. Sa akin ka rin naman humihingi ng….

*(Hindi tatapusin ang sasabihin. Sisilip ng bintana si ALEX 3. Malakas ang ulan. Kukunin ang susi ng kotse.)*

CRIS 3:

Nakainom ka na. Magmamaneho ka pa?

ALEX 3:

Walang payong. Gusto mong lumusob ako sa ulan?

CRIS 3:

Kapag ako ang naka-inom, bawal akong mag-drive. Pero pag ikaw…

ALEX 3:

It's my car and I will use my car whenever I want to! *(Mahihirapang isuot ang jacket. Huhubarin ang jacket at ibabalibag sa mesa. Titigil. Bubuksan ang ref at kukuha ng isa pang beer. Uupo sa silya sa dining table.)*

CRIS 3:

*(Nanood pa rin ng TV sa sofa.)* Kung ano man yang iniisip mo, Alex… hindi ako ganoong klaseng babae.

ALEX 3:

Kinakausap mo ako pero hindi mo man lang makuhang patayin ang lintik na TV na yan.

*(Papatayin ni CRIS 3 ang TV. Mahabang katahimikan.)*

CRIS 3:

Grabe ka naman. Wala ka na bang tiwala sa akin? *(Hindi sasagot si ALEX 3. Titingin lang siya kay CRIS 3.)* Kung sabihin ko sa iyong bakla si Angel… tatahimik ka na?

ALEX 3:

He’s gay?

CRIS:

*(Saglit.)* Hindi.

ALEX 3:

Tangina… bakit mo sasabihing bakla siya kung hindi naman?

CRIS 3:

Para tumigil ka na.

ALEX 3:

*(Iiling.)* Lumayo ka na sa gagong yun.

CRIS 3:

Kapag ginawa ko yun parang inamin ko na meron ngang nangyayari sa amin.

ALEX 3:

Wala pa ba?

CRIS 3:

Wala nga!

ALEX 3:

Tangina. Iniiputan na ako sa ulo ng hayup na yun tapos pinagtatakpan mo pa! Kaming mga lalaki malakas ang kutob sa mga ganitong bagay. Bihira kaming magkamali lalo na kung pine-pendeho na kami.

CRIS 3:

Walang nangyayari sa amin. Promise! Kahit ipa-medico legal mo pa ako.

ALEX 3:

Yung ngitian niyo --- nangyari na yun, di ba? Makikita ba yun ng medico legal? Yung masayang pag-sho-shopping niyo sa Divisoria at pag-camping-camping ninyo, yung panonood niyo ng sine --- nangyari na yun, di ba? Makikita ba yun ng medico legal? *(Saglit.)* I want you to stop seeing him.

CRIS 3:

At gagawin ko dahil?

ALEX 3:

Gagawin mo dahil sinabi ko.

CRIS 3:

Dahil ikaw ang lalaki? At akong si babae susunod na lang sa iyo?

ALEX 3:

Huwag mong magamit-gamit sa akin yang babae-babae-lalaki-lalaki mong yan. Lalayuan mo siya dahil TAYO ang may relasyon.

CRIS 3:

Kino-control mo na ako ngayon?

ALEX 3:

Anong control-control? Hinahayaan nga kitang gawin ang kahit anong gusto mo. Noong nag-dropout ka sa gitna ng semester sa UST… pinigilan ba kita?

CRIS 3:

*(Pabulong.)* Hinayaan mo akong mag-dropout kasi gusto mo dito lang ako sa bahay.

ALEX 3:

Anong sabi mo?

CRIS 3:

Wala.

ALEX 3:

Nung pinasok mo yung palpak na investment scheme na inalok ni Boots, may narinig ka ba sa akin? Ang laking pera nung nawala --- perang hiniram mo sa

akin. Did you hear anything from me?

CRIS 3:

Alam mo na palang kaduda-duda yung investment bakit hindi mo pa ako pinigilan?

ALEX 3:

Putragis na buhay ito! Kapag may sinabi akong gawin mo --- you accuse me of being controlling. Kapag hinahayaan naman kitang gawin lang ang gusto mo --- sasabihin mong pinapabayaan kita. Kahit saan naman pala ako lumugar…

CRIS 3:

Sige na. Lalayuan ko na po si Angel. Lalayuan ko na ring lahat ng mga tropa ko. Magkukulong na lang ako dito. Magluluto ako, maglalaba, maglilinis ng bahay.

ALEX 3:

*(Hihinahon.)* Hindi ko sinasabing maging katulong ka. Ang sinasabi ko --- umayos ka. Ayusin mo ang buhay mo! Meron kang responsibilidad sa relasyon natin. Kung gusto mong magka-career, gawin mo nang maayos. Finish school and get a decent job just like everyone else. Stop hanging around with losers who drag you down!

CRIS 3:

Hindi rin naman ako makakapasa sa exams.

ALEX 3:

Kaya ka nga mag-aaral para tumalas-talas naman yang kukote mo. Hindi puwedeng pa-racket-racket ka na lang habang-buhay. Saang kang-kungan ka pupulutin pag may nangyari sa akin? Kung umasta ka para kang dalaga.

CRIS 3:

Technically, dalaga pa ako.

ALEX 3:

Ikaw lang yata ang babaeng nakilala kong takot na takot magpakasal. Yung iba diyan nagkakandarapang mag-martsa sa simbahan.

CRIS 3:

Alex, seryosong bagay ang kasal. Kailangan ko munang malaman kung magkakasundo tayo.

ALEX 3:

Kaya nga nag-live-in muna tayo. Six years na, oh? Kuwarenta'y-singko anyos na ako, you still haven't made up your mind?

CRIS 3:

Huwag mo naman akong madaliin.

ALEX 3:

Trenta ka na, Cris! Decide!

CRIS 3:

Hindi nga ganoon kadaling mag-decide.

ALEX 3:

Madaling mag-desisyon. Ayaw mo lang gawin. *(Aawit ang dalawa.)*

***SONG 04. ANO PA BA ANG GUSTO NIYA?***

***CRIS 3:***

***Anim na taon kaming magkasama***

***Araw-araw na lang***

***Sa tanghali, gabi at umaga***

***Ano pa ba ang gusto niya?***

***Ano pa ba ang gusto niya?***

***Lunes hanggang linggo***

***Laging nandito lang ako***

*Sa kanya ay nakatanghod*

*Ano pa ba ang gusto niya?*

*Ano pa ba ang gusto niya?*

*ALEX 3:*

*Aaminin ko*

*Wala akong tiwala sa kanya*

*Noon pa man ako'y laging mayroong kaba*

*Na malingat lamang ako*

*May kalokohang gagawin*

*Hindi na siya bata*

*Ngunit isip bata pa rin.*

*Marahil… sa kanya ito'y laro lamang*

*Darating ang panahon*

*Maaaring pagsawaan niya*

*Ibinigay ko ang lahat sa kanya*

*Ano pa ba ang gusto niya?*

*Ano pa ba ang gusto niya?*

*Anong ipo-ipo ba ito?*

*Ako'y nahihilong turumpo*

***Ako'y pinapaikot***

***Binibilog niya ang ulo ko.***

***Kahit siya'y katabi, parang nasa kung saan***

***Sa layo ng pagitan, kailangan magsigawan***

***Dati nama'y nadadaan pa sa bulungan.***

***Marahil… sa kanya ito'y laro lamang***

***Darating ang panahon***

***Maaaring pagsawaan niya***

***Ibinigay ko ang lahat sa kanya***

***Ano pa ba ang gusto niya?***

***Ano pa ba ang gusto niya?***

*(Matatapos ang awit. Maiiyak si CRIS 3 at tatakbo papasok sa loob ng banyo para magkulong. Susundan siya ni ALEX 3 pero mauunahan siyang saraduhan ng pinto ni CRIS.)*

ALEX 3:

Buksan mo 'tong pinto! Cris!

*(Maririnig ang pag-iyak ni CRIS 3 sa loob ng banyo. Ididin ni ALEX 3 ang tainga sa pinto, makikinig.)*

ALEX 3:

Buksan mo ‘to. Lumabas ka na diyan. Nasasanay kang magkulong sa banyo tuwing meron tayong diskusyon. Buksan mo ito. Tangina, Cris! Para kang bata. *(Hihinahon.)* Lagyan natin ng Vick’s yang likod mo para lumuwag ang paghinga mo.

CRIS 3:

Ayoko nun. Amoy matanda.

ALEX 3:

Makakatulong yun sa paghinga mo.

CRIS 3:

Ayoko ng amoy matanda! *(Maririnig ang kanyang pag-iyak.)*

*(Katahimikan. Kukuha ng mainit sa tubig sa dispenser si ALEX 3. Uupo sa silya at tahimik na iinumin ang beer habang hinihintay lumabas si CRIS 3. May maririnig na malakas na kalabog sa loob ng banyo.)*

ALEX 3:

Anong nangyari? Cris? Buksan mo itong pinto! Putang ina, Cris. Open this door!

*(Sisipain niya ang pinto hanggang bumukas. Makikita natin si CRIS 4 na nakasalampak sa sahig yakap ang shower curtain. Magiging gay couple ang dalawa ngunit pareho pa rin ang kuwentong ating sinusundan. )*

---

**PARTNERS FOUR: GAY COUPLE**

**ALEX 4 – parehong artista sa *Partners Three*, magiging bading, mananatiling 45 years old**

**CRIS 4 – parehong artista sa Partners One, magiging bading, mananatiling 30 years old**

CRIS 4:

Basa yung sahig. Buti nakakapit ako sa shower curtain. Sorry, napunit. Bibili na lang ako ng bago. *(Tutulungan ni ALEX 4 na tumayo si CRIS 4. Hihinahon ang dalawa.)*

ALEX 4:

*(Hihipuin ang ulo ni CRIS.)* Buti hindi nabasag yang bungo mo.

CRIS 4:

Okay lang. Wala namang lalabas na utak. *(Matatawa.)*

ALEX 4:

Natawa ka sa joke mong iyon?

CRIS 4:

Joke mo kaya yun. Ilang beses mo nang sinabi sa akin.

ALEX 4:

*(Matitigilan.)* Mag-tsaa ka. *(Maglalakad si CRIS 4 papuntang kitchen cabinets. Maghahanap ng teabags.)*

CRIS 4:

Meron pa bang mint tea?

ALEX 4:

Andito. *(Ilalabas ang isang jar na puno ng Lipton mint tea.)* Meron pang Lipton.

CRIS 4:

Wala nang TWG?

ALEX 4:

Ubos na.

CRIS 4:

Gusto ko ng TWG.

ALEX 4:

Ubos na nga. Ayaw mo ng Lipton? Ang arte. Kahit si Queen Elizabeth umiinom ng Lipton tea. Buhay pa naman siya hanggang ngayon at ang ganda pa ng skin. *(Ilalagay ang tea bag sa mug. Iaabot kay CRIS 4. Sisimangot sa amoy ng Lipton.)*

CRIS 4:

Ang chaka ng amoy. Mag-wi-whisky na lang ako.

ALEX 4:

Congested na nga ang ilong mo, Cris.

CRIS 4:

Kaya mas bagay ang whisky. Pantanggal bara.

ALEX 4:

Dapat hot tea.

CRIS 4:

Whisky nga ang gusto ko! Bakit ba? *(Kukuha ng whisky sa bar.)*

ALEX 4:

Mas lalala ang lagnat mo.

CRIS 4:

Malala na ito. Wala na itong ilalala pa. *(Uupo sa kabisera ng dining table. Mahabang katahimikan. Nagpapakiramdaman.)* Ikaw kasi eh.

ALEX 4:

Ano'ng ako kasi?

CRIS 4:

Ang agresibo mo akong niligawan. Lagi ka namin pinag-aawayan ni mommy noon.

ALEX 4:

Throwback tayo bigla?

CRIS 4:

Hindi alam ni mommy kung ipapatawag niya ang barangay o ang mga pulis para tumigil ka na sa pagbisita sa bahay. Hindi kami sanay sa katulad mo.

ALEX 4:

Katulad kong ano?

CRIS 4:

Agresibo. Para kang laging nasa contest. Gusto mong laging ikaw ang nananalo. Hindi ka titigil hangga't makuha mo ang gusto mo.

ALEX 4:

Gusto mo rin naman, di ba? Sinagot mo ako.

CRIS 4:

Twenty-four pa lang ako noon. Malay ko ba? Walang pa akong kamuwang-muwang.

ALEX 4:

Nagkita tayo sa Embassy. Nasa ledge ka nagwa-walwal. Walang shirt na suot. Walang kamuwang-muwang?

CRIS 4:

Nakaladkad lang ako ng barkada noon. Hindi ko nga alam kung anong lugar yun. *(Hihigop ng whiskey. Mahabang katahimikan.)* Naalala mo ba noong… noong una tayong nag-away?

ALEX 4:

Sa dami… hindi ko na maalala.

CRIS 4:

Alam mo yun.

ALEX 4:

Refresh my memory.

CRIS 4:

Yung nahuli mo ako. *(Hihigop ng whiskey.)* May kahalikan ako sa Malate.

ALEX 4:

Bakit natin pinag-uusapan ito?

CRIS 4:

Sumagot ka na lang. Naaalala mo nga?

ALEX 4:

Yung jologs na bagets na orange ang buhok na kung laplapin mo parang kumakain ka ng atis.

CRIS 4:

Grabe. Wasak lang talaga ako noon. Hindi ko nga kilala yung lalaki. Grabe. Humarot lang siguro ako sa sobrang lasing ko.

ALEX 4:

Okay.

CRIS 4:

*(Hihigop ng whiskey.)* Iba pala talaga kapag… huwag kang magagalit ha? Iba pala talaga kapag ka-edad ko ang hinahalikan ko.

ALEX 4:

Ano ang point mo? Makunat na ang labi ko?

CRIS 4:

Noon pa lang, after nung first anniversary pa lang natin…. parang naisip ko na… kung tama ba na… na nakisama ako agad sa iyo? Para kasing ang bilis, Babe. tatlong linggo pa lang tayong magkakilala tapos live-in na agad.

ALEX 4:

Ikaw ang pumunta dito.

CRIS 4:

Paano naman ako hindi lalayas sa amin? Inaway ako ng mommy dahil nga sa iyo. Maya't maya nagpapadala ka ng sandamakmak na bulaklak sa bahay, para na tuloy may burol sa amin. Tapos susunduin mo ako ng kotse mo. Di siyempre nawindang ang mommy ko. Pati mga kapit-bahay namin akala nila pokpok ako na sinusundo ng parokyano.

ALEX 4:

Bakit hindi mo ako tinanggihan?

CRIS 4:

Sino ba namang bagets ang tatanggi sa tulad mo? May sarili kang negosyo, galante, magandang pumorma.

ALEX 4:

Sumama ka sa akin dahil sa porma ko?

CRIS 4:

Huwag mong sabihin na hindi ka nagbibihis ng bongga para magpapansin sa akin? Para bingwitin ako? *(Saglit.)* Grabe, promise. Super akala ko kakayanin ko talaga. Akala ko gusto ko rin ito. Siguro nga ginusto ko rin. Yata.

ALEX:

Super. Akala. Siguro. Yata. Ano ba talaga?

CRIS 4:

Ang layo kasi ng agwat natin. Hindi lang yung fifteen years na pagitan natin ang ibig kong sabihin --- agwat sa maraming bagay. Pag nag-uusap tayo, hindi kita naiintindihan.

ALEX 4:

Hindi mo ako naiintindihan? Not ever? Not even once? Ganoon ka-absolute?

CRIS 4:

MADALAS! Madalas hindi kita maintindihan. Pinipilit kitang intindihin pero… alam mo yun?

ALEX 4:

Hindi. Hindi ko alam.

CRIS 4:

Nalulunod na lang ako sa mga sinasabi mo. Pag nag-uusap tayo… ikaw na lang lagi ang… madalas pala…. ikaw ang madalas na nagsasalita. “Ano ba yan, Cris? Umayos ka nga. Para kang bata. Puro ka party! Puro ka happy-happy!” Lagi mo akong… *(Matitigilan.)* …madalas mo akong sini-sermonan.

ALEX 4:

Pinagsasabihan lang kita kasi nagwawala ka na kasi. Hindi mo ba naisip na lahat ng gawin mo may judgement din sa akin? Pinag-tsi-tsismisan ka na ng mga kakilala natin. Pati ako. Kailangan kitang bantayan. Hindi mo ba naa-appreciate na merong nagbibigay sa iyo ng guidance?

CRIS 4:

Lumayas ako sa amin para umiwas sa bulyaw ni mommy. Pero kapag kausap kita parang si mommy ko pa rin ang kausap ko. Parang si Mommy ka na, Alex. *(Patlang.)* Hindi ko na alam kung paano kumilos. Para na akong tutang naka-kadena.

ALEX 4:

Wushu. Ang drama mo. Unang-una, hindi ka na tuta dahil thirty years old ka na. In dog years --- 133 years old ka na. Pangalawa, puwede bang, for once, be accountable for the decisions you make in life.

CRIS 4:

Nahihirapan na kasi ako, Alex. *(Katahimikan.)* Kami ni Angel...

ALEX 4:

Leche. Sabi na nga ba sa punyetang lalaking yan na naman ang bagsak natin!

CRIS 4:

Kababata ko siya. Kapit-bahay. Ka-edad ko. Mas nauna ko siyang nakilala kesa sa iyo. Para ko na siyang…

ALEX 4:

Syota?

CRIS 4:

Yan ka na naman eh. Inuunahan mo na naman ako.

ALEX 4:

So, ano nga kayo?

CRIS 4:

Basta. Close kami. As in. Super. Medyo sobra pa sa kapatid siguro. Grabe talaga.

ALEX 4:

"Medyo. Sobra. Super. Grabe talaga." Ano ba naman, Cris? Paano kita maiintindihan kung ganyang ka ka-jologs magsalita?

CRIS 4:

Matagal na akong ganitong magsalita! Bakit ngayon mo lang ako pinupuna? Dahil alam mong meron akong importanteng sabihin? Ini-intimidate mo ako para tumiklop ako? Minsan na nga lang ako magsalita. Please, makinig ka naman. *(Katahimikan.)* Yun nga ang gusto kong sabihin. Close kami ni Angel. Swak kami. Sasabihin ko pa lang ang isang bagay, nahuhulaan na niya kung ano ang gusto kong sabihin.

ALEX 4:

Sana sinabi mo na ang gusto mo palang syota --- psychic!

CRIS 4:

Hindi mo ba ma-gets, Babe? Hindi tayo swak. *(Katahimikan.)* Ganito kasi yun. *(Mag-iisip. Hihigop ng whisky.)* Wala ka bang mga best friends na na-miss ka mula noong naging tayo? Siyempre, hindi ka na nila masyadong nakaka-hangout katulad nung dati kasi madalas tayong dalawa na lang lagi ang magkasama. Siyempre, nagseselos din ang mga kaibigan, di ba?

ALEX 4:

My friends aren’t like that. Mataas ang E.Q. nila.

CRIS 4:

Hindi naman mga friends mo ang pinag-uusapan natin dito! Mga friends ko! Tungkol ito sa akin! Hindi sa iyo! *(Hihigop ng whisky.)* Nung nag-live-in tayo, siyempre nagselos… nalungkot si Angel. Kasi nga naman… hindi na kami ganoon kadalas magkita tulad nang dati.

ALEX 4:

Tangina… kawawa naman siya, ano? Sana pala nag-live-in na lang tayong tatlo. *(Aawit si CRIS.)*

***SONG 05. HANGGANG SA KINAYA NG PUSO KO***

***CRIS 4:***

***Minahal kita sa pag-aakalang***

***Mahal nga kita***

***Pero ano nga ba'ng alam ko?***

***Sabi mo nga… wala.***

***Siguro nga kinailangan ko ang iyong lakas***

***Umangkas sa iyong likod***

***At mabitbit mo pataas***

***Alam ko'ng iniisip mo***

***Ginamit kita***

***Hindi yon totoo***

***Minahal kita nang tunay***

***Hanggang sa kinaya ng puso ko.***

***Binugbog ko ang aking puso***

***Na tumibok para sa iyo lang***

***Ngunit wala 'kong nagawa***

***Matigas ang ulo ng puso ko***

***May sariling utak ang puso ko.***

***Minahal kita sa pag-aakalang***

***Mahal nga kita***

***Pero ano nga ba’ng alam ko?***

***Sabi mo nga… wala.***

***Siguro nga kinailangan ko ang iyong pakpak***

***Pinasan mo ako sa ‘yong likod***

***Naramdaman kong lumipad***

***Ngunit ako’y nahulog din***

***Ilang ulit***

***Dahil ako’y bumitiw***

***Minahal kita nang tunay***

***Hanggang sa kinaya ng puso ko.***

*(Matatapos ang awit.)*

*(Lalabas ang lahat ng apat na artista sa entablado. Magsusumbatan habang nagpapalit sila ng gender depende kung sino ang kausap na partner hanggang sa maging malabo na kung sino na ang straight na babae, straight na lalaki, lesbian at bading.)*

ALEX 4:

Eh di umamin ka rin.

CRIS 4:

Walang akong inaamin. Walang pang nangyayari sa amin.

ALEX 2:

Wala pa? At gusto mong hintayin ko talaga?

CRIS 2:

Walang nangyayari. Walang mangyayari.

ALEX 3:

Hindi niyo kailangang mag-kangkangan para merong mangyari! Meron nan gang nangyayari.

ALEX 1:

Ayan oh, kitang-kita na sa mga mata mo. Noon pa man. Mahal mo na siya. Nandito ka nga ngayon, katabi ko, nakatira sa bahay ko, natutulog sa kama ko pero ang utak mo, ang puso mo…

ALEX 3:

…ang buong pagkatao mo nandoon nakapulupot sa kanya. My God! How can you do this to me?

CRIS 3:

Babe, hindi kita niloko. Hindi ko lang nasabi agad.

ALEX 3:

In six years hindi ka man lang nakahanap ng pagkakataon na sabihin?

CRIS 3:

Hindi ganoon kadaling magsabi sa iyo.

CRIS 1:

Alam ko kung paano ka magalit.

CRIS 2 & CRIS 3:

Nakakatakot ka.

ALEX 2:

Nakakatakot ako? Putragis! Ang bait-bait ko nga eh! Ikaw ang mas nakakatakot dahil kung makapag-sinungaling ka para ka lang umuutot. Walang ka-eefort-effort pero nangangalingasaw sa baho!

ALEX 4:

Sa sampung sinabi mo, labing-lima ang kasinungalingan.

CRIS 2:

Ang lakas kasi ng dating mo.

ALEX 4:

Ha? Di ba sinabi mo nagustuhan mo ako dahil malakas ang dating ko?

ALEX 1:

Now, you're intimidated by the very same reasons you were attracted to me in the first place? Hindi mo nasabi dahil wala kang bayag!

CRIS 1:

Hindi totoo yan!

ALEX 3:

You are such a weakling!

CRIS 3:

I am not weak!

ALEX 4:

You sure have a very twisted way of defining strength.

ALEX 1:

Pinasok mo itong relasyon na ito.

CRIS 4:

Ikaw ang nagpasok sa akin.

ALEX 4:

Kinaladkad ba kita?

ALEX 1:

Tinutukan ba kita ng kutsilyo sa leeg para sumama sa akin? Pumasok ka sa pinto ng bahay ko.

ALEX 4:

Andito ka na sa loob. Sana pinanindigan mo na.

CRIS 4:

Kahit nasasakal na ako?

CRIS 3:

Kahit hindi na ako masaya?

ALEX 1:

Naghanap ka na agad ng iba dahil feeling mo hindi ka na masaya? We are not in

Disneyland, Cris, where everything is happy and gay. This is a relationship. You make it work. Pinagsisikapan mo. Pinagtratrabahuhan mo.

ALEX 3:

Bakit, sa tingin mo ba sa anim na taon natin walang mga lumapit sa akin na mas maganda…

ALEX 2:

… at mas bata kesa sa iyo?

ALEX 4:

Marami! Kaliwa’t kanan. But I did not, not even once…

ALEX 1:

… entertain the thought of abandoning you.

ALEX 4:

Samantalang ikaw, mula sa simula pa lang…

ALEX 2:

…while I was thinking of how to build my world with you…

ALEX 3:

… sumi-simple ka na pala sa iba.

CRIS 3:

Para kasing ginawa mo lang akong project.

CRIS 4:

Hindi ko na kilala ang sarili ko mula noong nagsama tayo.

ALEX 1:

Go ahead! Blame it all on me. Lahat na lang pagkakamali ko. It's always someone else's mistake except yours. I'll tell you this much…

ALEX 3:

In our six years may mga magandang bagay akong natutunan sa iyo --- like being young again, kung paano maging carefree, not to worry too much, kung paano tumawa ulit ng malakas.

ALEX 2:

Pero ikaw… wala kang ibang nakuha sa akin kundi "Hindi mo na kilala ang sarili mo?" Na "Ginawa kitang project?" Thank you very much.

CRIS 2:

Bakit pinalalabas mong ikaw ang laging dehado at ako ang abusado?

CRIS 1:

Dahil ikaw ang nagdadala ng relationship?

CRIS 3:

Ikaw ang may pera kaya ikaw ang mas powerful?

ALEX 3:

Paano ako naging mas powerful?

ALEX 1:

Ikaw nga ang nagpaikot ng ulo ko. Ako ang pinaikot mo sa palad mo.

CRIS 1:

Alam mong ikaw ang mas matanda at ginamit mo yun.

ALEX 3:

Walang kinalaman ang age gap natin dito.

CRIS 3:

Fifteen years? Wala? Alam mo namang hanggang ngayon nangangapa pa rin ako sa relasyon na ‘to.

ALEX 3:

Paano ka mangangapa eh inilawan ko ang lahat ng dadanan mo? Nasa tamang

huwisiyo ka na. The fact that you’ve fallen for that Angel… alam mo na ang ginagawa mo. Nakapag-decide ka na. Noon pa.

ALEX 1:

Bakit hindi ka pa kumalas sa akin noon? You played me for six years. Yes, you lived in my house because you knew you’d be comfortable here. Ako ang sinagot mo pero siya ang pinili mo.

CRIS 1:

Hindi ko siya pinili. Nangyari na lang.

ALEX 1:

Walang nangyayari nang basta-basta! Ano yan? Gumising ka na lang isang umaga tapos “Wow! Mahal ko na si Angel!”

CRIS 2:

Huwag ka namang sumigaw, Babe.

ALEX 3:

Stop calling me Babe! And stop seeing yourself as a victim in this relationship because you are not.

ALEX 1:

*(Hihinahon.)* Akala ko relasyon din ang gusto mo. Naghanap ka lang pala ng lintik na libreng boarding house. *(Mahabang katahimikan.)*

ALEX 4:

So, paano ngayon?

CRIS 4:

Paano ang alin?

ALEX 2:

Tatapusin na ba natin ito? *(Mahabang katahimikan.)*

CRIS 2:

Kailangan bang ngayon na mag-decide?

ALEX 3:

Bakit? May balak ka pa bang ayusin ito?

ALEX 2:

Sa tingin mo puwede pa bang ayusin ito? *(Mahabang katahimikan.)*

ALEX 1 & ALEX 4:

Ako na ang magde-decide para sa iyo.

ALEX 1:

I want you to leave.

ALEX 4:

I want you to leave.

CRIS 2 & CRIS 4:

Babe?

ALEX 3:

Stop calling me that!

ALEX 1:

Please leave.

ALEX 4:

Now.

CRIS 4:

Ang lakas ng ulan.

CRIS 2:

Bumabagyo.

ALEX 4:

*(Maglalabas ng pera. Iaabot kay CRIS 3 at CRIS 4.)* Etong P1,000. Mag-Uber ka. Pahihiramin sana kita ng payong pero winala mo.

ALEX 1:

Lahat na lang either winala mo, sinira mo, pinatay mo.

ALEX 3:

Yung payong, yung shower curtain, yung mga halaman…

ALEX 1:

…tayo.

CRIS 1:

Ibinigay ko ang anim na taon ng buhay ko sa iyo.

ALEX 1:

At ako? Hindi nagbigay?

CRIS 3:

Ganito na lang ba ito?

ALEX 3:

Eto na ‘to. *(Saglit.)* Bata ka pa. Bukas-makalawa… naka-move on ka na.

ALEX 2:

Noon pa man naka-move ka na. *(Crossfade ang ilaw. Aawit silang lahat. )*

***<u>SONG 06. MALETA</u>***

***ALEX 1:***

***Sa guwardiya’y naibilin na kita***

***Alas-singko y medya ay darating ka***

***Ang mga maleta ay nasa likod ng pintuan***

***Kunin mo lang ang sa iyo***

***Alam mo naman siguro kung ano ang sa iyo***

***Huwag mong galawin ang sa akin***

***Iwan mo’ng mga binigay mo sa ‘kin***

***ALEX 4:***

***Iwan mo lang sa unan ang amoy ng iyong pagtataksil***

***Akin yan***

***Iwan mo lang ang pangakong dinurog ng puso mong suwail***

***At sa iyong pag-alis isasabit ko sa dingding***

***Ang mga alaala ng maamong mukha***

***ALEX 1 & ALEX 3:***

***Ng pag-ibig mong sinungaling***

***CRIS 3:***

***Hindi ko binalak na ika’y saktan***

***Ang nangyari’y nangyari na***

***Mabuti na rin na nalaman mo***

***Dahil di ko kayang aminin.***

***CRIS 4:***

***Maniwala kang inibig din kita***

***Di lang pumantay sa pag-ibig mo***

***Di lang umabot sa inaasahan mo.***

***ALEX 3:***

***Iwan mo ang susi sa tukador***

***Isara ang pinto at huwag nang lilingon***

***Huwag mong piliting lumuha dahil di mo kaya.***

***ALEX 2:***

***Mabigat ang maletang dala mo***

***Yan ang kabaong ng pag-ibig na pinatay mo***

***ALEX 2 & ALEX 4:***

***Sana ay kaya mong buhatin***

***Habang buhay mo yang bubuhatin.***

***Tandaan mong maigi ang amoy ng iyong pagtataksil***

***CRIS 1 & CRIS 3:***

***Habang buhay niyang isusumbat ito***

***ALEX 1 & ALEX 3:***

***Bitbitin mo ang pangakong dinurog ng puso mong suwail***

***CRIS 2 & CRIS 4:***

***Tatanggapin ko***

***MGA ALEX:***

***At sa iyong pag-alis isasabit ko sa dingding***

***Ang mga alaala ng maamong mukha***

***Ng pag-ibig mong sinungaling***

***MGA CRIS:***

***At kung magkita man tayong muli***

***MGA ALEX:***

***Huwag mo akong babatiin.*** *(Magdidilim ang lahat.)*

---

***W A K A S***